RECORDS FILES

RELEASED
24 MAY
DATE:

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 174 serye 2016

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng mga Mababang Paaralan
Guro sa Filipino 4

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY**, CESO VI
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **PAGPAPALAGANAP NG SIPI NG "ANG PAMBIHIRANG SOMBRERO"**
~~**Ni: Jose Miguel Tejido**~~

Petsa: Mayo 23, 2016

---

1. Nais ipalaganap sa buong Sangay ang sipi ng kuwentong "Ang Pambihirang Sombrero" na hango sa isinasalaysay na kuwento ni Tom tungkol kay Mia sa *Video presentation* ng pakitang-turo ni Gng. Ma. Hazel Derla ng Tagaytay Elementary School –Cavite Division Region IV- A Calabarzon. Natunghayan ang *Video* ng pakitang-turo noong nagkaroon ng NTOT at Mass Training for Grade 4 Teachers sa nakalipas na taon.

2. Ang kuwentong ito ay gagamitin ng mga guro sa Baitang 4 sa leksyon ng unang araw ng pasukan. Kaya pinaalalahanan ang mga Tagamasid Pampurok at punungguro ng mga Mababang Paaralan na makaabot sa bawat guro ng Baitang 4 ang sipi ng naturang kuwento.

3. Maaaring madownload mula sa website na www.depedzn.net at puwede ring mahanap sa internet ang kopya ng kuwento na ito.

4. Kalakip ng Memorandum na ito ang sipi ng nasabing kuwento

5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**Ang Pambihirang Sombrero**
**Ni: Jose Miguel Tejido**
**Isinalaysay ni Tom sa video ng Pakitang-turo ni Gng. Ma. Hazel J. Derla**
**ng Tagaytay Elementary School –Cavite Division**

**Mahilig mangolekta ng mga gamit at iba't ibang gamit si Mia.**

**Isang araw nakita niya ang baul ng kanyang Lola at nakakita siya rito ng pambihirang sombrero. Isinukat niya ito sa iba't ibang paraan. Ang sunod ay naglakad-lakad at pumunta sa tindahan ni Manang Sol. Tinanong niya kung maganda ba ang kanyang sombrero. Sabi ni Manang Sol na " Oo" at binigyan siya nito ng alkansiya.**

**Sunod pumunta siya sa sa panaderya. Doon binigyan siya ng kandelabra. Sunod pumunta siya sa klinika ni Doktora dulce at binigyan siya ng basketng prutas. Ang sunod ay pumunta sa estasyon ng mga bombero. Doon binigyan siya ng *aquarium.* Sunod noon ay pumunta sa estasyon ng mga pulis, binigyan siya ng hawla. Pumunta sa hardin at binigyan siya ng mga bulaklak.**

**Naglakad-lakad at pumunta sa palaruan. Lalagyan dapat siya ni Toto ng saranggola. Nasabihan na niya ito na huwag siyang lagyan pero nalagyan na. Humihip ang hangin, tumaas si Mia at nakita ito ng lahat. Naging *parachute* ang pambihirang sombrero at kakaibang ganda nito.**